



Paglilinis sa Amag at Tagulamin

Ang Department of Health and Mental Hygiene ay nagpapaalala sa mga residente ng Maryland na pagkatapos ng mga bagyo, mga baha at malalakas na unos, ang mga esporas ng amag at tagulamin ay maaaring marami. Itong mga esporas ay maaaring magsanhi ng mga reaksiyong taluhiyang at makakasira sa mga bahay at mga gamit pambahay. Ang lawak ng amag sa inyong tahanan ay isang mahalagang ipag-alala – halos lahat ay apektado kapag ang sapat na esporas ay malanghap.

Ilang mga tip para sa epektibong paglilinis sa amag at tagulamin:

- Linisin, disimpektahin at patuyuin ang mga apektadong lugar. Gumamit ng sabong di-amonya (ang amonya at pangkula ay magsanhi sa nakakalason na aso) o sabong panlinis at mainit na tubig upang kuskusin ang mga kontamindaong lugar.
- Isilid sa supot at itapon ang mga materyales na mayroong maamag na latak, gaya ng mga basahan, papel, mga dahon at basura. Ang matitigas na pang-ibabaw na materyales ay maaaring itago kapag ang mga ito ay nalinis at nadisimpekta.
- Gumamit ng matigas na iskoba sa masonryang dingding at mga katulad na pang-ibabaw. Banlawan ng malinis na tubig. Matapos linisin, pahiran ng solusyon na isang tasang pangkula sa bawat isang galong tubig at hayaang matuyo.
- Pahanginan ang lugar bago, sa panahon at matapos pumasok sa lugar ng trabaho.
- Patayin ng ilaw at tubig.
- Magsuot ng maskarang papel, maluwang na kasuotan, mga guwantes na hindi tinatagos ng tubig at mga salaming pananggalang habang naglilinis.
- Linisin ang inyong sarili gamit ang sabon kapag natapos kayo.
- Tumawag ng lisensiyadong kontratista kapag sa palagay ninyo ay nanggagaling sa loob ng dingding at mga ilalim na bahagi ng sahig ang mga problema sa punggus.